# ACTIVITY

A. Pagtugmain ang salita at larawan. Gumuhit ng linya na magdudugtong dito.



| | | | |
|---|---|---|---|
| Rebecca | kambal<br>(twins) | Esau | Jacob |
| mangangaso<br>(hunter) | pana<br>(bow & arrow) | tinapay<br>(bread) | bisig<br>(arm) |

B. Sino sa magkapatid? Bilugan ang larawan ng iyong sagot.

1. Si ______ ang panganay sa kambal.




2. Nang manganak si Rebecca, nakahawak si ______ sa sakong ng kanyang kapatid.




3. Naging mahusay na mangangaso si ______ at madalas na nasa bukid.




4. Mas mahal ni Rebecca si ______.



5. Binigyan ni _____ ng sabaw ang kanyang kapatid kapalit ng karapatan nito bilang panganay.




6. Tinanggap ni _____ ang basbas mula sa ama.




Nakita natin sa kuwento na nagpanggap si Jacob para makuha ang pagpapalang dapat ay para kay Esau. Ang pagpapanggap at ang panloloko niya sa kanyang ama ay parehong maling gawain. Dahil sa kanyang ginawa nagalit sa kanya ang kanyang kapatid at sila ay nagkahiwalay ng matagal na panahon. Ngunit dumating ang panahon na humingi ng tawad si Jacob kay Esau at siya ay napatawad nito.



C. Kulayan ang larawan.



Ang mga batang tulad natin ay gumagawa rin ng mga maling bagay. Ngunit ang mabuting balita ay mapapatawad tayo ng Diyos sa mga maling nagagawa natin. Kailangan lang ay humingi tayo ng tawad sa Kanya sa lahat ng ating nagagawang mali. Bukod dito ay matuto din tayong humingi ng tawad sa taong nagawan natin ng mali. Dapat rin ay handa tayong magpatawad kapag tayo ay nagawan ng mali. Ang humingi ng tawad at magpatawad ay mabuti at tamang pag-uugali.



D. Memory Verse

Kung ipapahayag natin ang ating mga kasalanan, patatawarin tayo ng Diyos sa mga ito, at lilinisin tayo sa lahat ng ating kasalanan, sapagkat Siya'y tapat at matuwid. **1 Juan 1:9**

LAMBAT LEARNING CENTER